## 2. Administrasyon ng Depensang Oral

Ang depensang pandoktorado ay dapat maganap sa Kolehiyo/yunit kapag nairekomenda ng lupon, inendorso ng mga angkop na pinuno at komite sa gradwado, at pinahintulutan ng Dekano/Direktor.

Ang oras at lugar ng depensang doktorado ay dapat opisyal na maihayag ng Opisina ng Araling Gradwado ng hindi kukulangin sa dalawang (2) lingo bago ang naitakdang depensa. Ang iskedyul ng depensa ay maaaring magbago depende sa rekomendasyon ng lupon ng tagapayo, paraanin sa kinauukulan, at pinahintulutan ng Dekano/Direktor.

Ang depensa ay maaari lamang ganapin sa mga sumusunod na kondisyon: (1) ang manuskrito ng disertasyon ay natanggap ng bawat miyembro ng lupon sa pagsusulit pandoktorado na hindi kukulangin sa dalawang (2) lingo bago ang nakatakdang depensa, at (2) lahat ng miyembro ng lupon sa depensa ay nakadalo, maliban sa mga programang nangangailangan ng pagsasama ng mga banyagang tagapayo o banyagang tagapagsulit mula sa labas. Kung ang huli ay hindi nakadalo, ang kanyang mga puna ay dapat ipadala sa pinuno ng lupon na siyang bubuo ng pinal na report. Kung ang isa sa mga miyembro ng lupon ay hindi nakadalo, ang iskedyul ng depensa ay muling itatakda.

Ang depensa ay magiging hayag sa publiko at ang tagal nito ay nasa kapasiyahan ng lupon. Ang ebalwasyon at pagmamarka sa depensa ay dapat pagpulungan ng lupon sa pribadong lugar matapos ang depensa.

## 3. Pagmamarka

Dapat magkaroon ng tatlong (3) marka para sa depensa: “pasado,” “pansamantalang pasdo,” o “bagsak.” Ang “bagsak” ay ang pagpupuno sa malawak na rebisyong hinihingi ng dalawang (2) miyembro ng lupon. Alin man sa miyembro na nagbigay sa mag-aaral ng mababang marka ay dapat pormal na nasulat ang mga ito at natukoy ang mga dahilan ng pagbagsak, ang kopya ay dapat nakalakip sa report ng lupon.

Ang marking “pansamantalang pasado” ay nangangahulugan ng maliit na rebisyon. Ang mga nairekomendang rebisyon ay dapat napagkasunduan ng lahat ng miyembro ng lupon kung saan ang mga ito ay dapat naisulat at nakalakip sa pinal na report. Dapat lamang na napirmahan ng lupon ang pangalawang report ng marka kung nagawa na ng mag-aaral ang rebisyon. Ang resulta ng depensa ay dapat naiulat ng lupon sa Dekano, na pinaraan sa kinauukulan, sa loob ng unang araw ng trabaho matapos ang pagsusulit.

## 4. Pagpasa at Hindi Pagpasa sa Depensang Doktorado

Kung ang mag-aaral ay nakapasa sa depensang doktorado, ang kanyang disertasyon ay itinuturing na nakapasa na.





Kung ang mag-aaral naman ay hindi nakapasa sa depensang doktorado, siya ay maaaring sumailalim sa pangalawang depensa sa loob ng isang akademikong taon matapos ang unang depensa. Madidiskalipika ang mag-aaral sa kanyang pangkasalukuyang programang doktorado kung hindi siya nakapasa sa pangalawang depensa. Subalit, ang marking “bagsak” sa pangalawang depensa ay magdidiskalipa sa mag-aaral upang makapasok sa ibang programang doktorado sa parehong departamento o linangan.

## **H. Patakaran sa Residensi**

### **1. Isang Taon bago ang Pagtatapos**

Ang mag-aaral ay dapat opisyal na nakatalala ng isang (1) akademikong taon bago igawad ang digring doktorado.

### **2. Itinakdang Bilang ng Taon sa Pagkumpleto ng Kahingian**

Ang Limitasyon ng mag-aaral upang makumpleto ang lahat ng kahingian ay anim (6) na taon sa mga natanggap sa programang doktorado na may digring masterado o kaya ang katumbas nito sa ibang disiplina at walong (8) taon para sa natanggap sa programang doktorado na may digring batsilyer o masterado sa kaugnay na disiplina.

Ang pagbibilang ng taon sa residensi ay magsisimula sa unang pagpapatala ng mag-aaral sa kursong gradwado matapos siyang tanggapin sa programang doktorado at kasama ang lahat ng opisyal na pagbabakasyon sa pag-aaral. Ang itinakdang panahon para makumpleto ng mag-aaral na gradwado na lumilipat mula sa ibang unibersidad ay isang (1) semestre. Kung mayroong mga kursong nakuha na ng mag-aaral bago pa siya matanggap sa programa at kinilala ang mga ito, ang panahon para makumpleto ito ay katumbas ng isang semestre sa bawat siyam (9) na yunitna kinilala sa kanyang programa

### **3. Ekstensyon sa Residensi**

Sa mga mahahalagang kaso, ang ekstensyon ng residensi na lampas sa karaniwang pinahihintulutang panahon ay maaaring pahintulitan ng Dekano/Direktor batay sa rekomendasyon ng angkop na kinatawan. Ang ekstensyon ay hindi lalampas sa isang taon. Walang ekstensyon na lalampas sa limang (5) taon. Ang mag-aaral na nabigyan ng ekstensyon ay kailangang magdagdag ng mga yunit ng gradwadong kurso sa kanyang disiplina o erya ng tatlong (3) yunit kada dalawang (2) taon ng ekstensyon o bahagi nito.

### **4. Hindi Pagsunod sa Maximum Residence Rules (MRR)**

Sino mang mag-aaral na hindi makatupad sa patakarang pagkumpleto ng mga kurso sa loon ng panahong pinahintulutan na ekstensyon ay mawawalan ng Karapatan sa programang doktorado.

## 5. Bilang ng Taon sa Pagkumpleto ng Digring Doktorado sa Pilosopiya

Ang bilang ng taon na pinahihintulutan sa pagkumpleto ng digring Doktorado sa Pilosopiya ng Musika ay kaalinsunod sa mga patakaran ng Unibersidad (i.e., walong taon)

## 6. Pagbabakasyon sa Pag-aaral na may Pahintulot (LOA)/Pagbabakasyon sa Pag-aaral na Walang Pahintulot (AWOL)

Ang mag-aaral na nasa programang doktorado na opisyal na nagbakasyon sa programa (leave of absence) o hindi nagsumite ng aplikasyon sa pagbabakasyon sa pag-aaral (absence without leave) ay kinakailangang muling tanggapin sa programa ng Dekano/Direktor, paraanin sa kinauukulan.

## I. Pagtatapos

### 1. Aplikasyon para sa Pagtatapos

Matapos makapasa sa depenssang doktorado ang mag-aaral, siya ay kalipikado nang magsumite ng aplikasyon sa pagtatapos sa Rehistrado ng Unibersidad sa pamamagitan ng Opisina ng Gradwado ng Kolehiyo/yunit.

### 2. Pagsusumite ng mga Kopya ng Disertasyon

Ang aplikante sa pagtatapos ay dapat magsumite sa Opisina ng Gradwado ng limang (5) kopya ng aprubadong disertasyon bilang rekisito sa pagtatapos. Ang mga kopya ay dapat sumunod sa pamantayang pormat ng kolehiyo/yunit at naglalaman ng opisyal na aprubal ng mga miyembro ng lupon sa disertasyon ng kolehiyo/yunit ng Opisina ng Gradwado/Komite at ng opisyal na pagtanggap ng Dekano/Direktor sa disertasyon.

### 3. Paggawad ng Digring Doktorado

Kasunod ng pagtatapos ng mag-aaral na inirekomenda sa pagtitipon ng kaguruan sa Kolehiyo, o ng angkop na kinatawan, inendorso ng Konseho ng Unibersidad, at aprubado ng Lupon ng Rehente, ang mag-aaral ay opisyal na gagawaran ng digring doktorado

## V. PAG-AARAL SA PROGRAMA

Ang programa ay nababatay sa pag-aaral ng musika bilang disiplina, at sa dahilang ang lapit sa subjek ng musika ay holistiko o pinagsama-samang kaugnay na larangan sa Agham Panlipunan at Humanidades, nangangahulugang ito ay isa ring programang interdisiplinaryo.

Ang titulo ng programa ay Doktorado sa Pilosopiya ng Musika. Ito ay nakatuon sa gawaing pangkurso, nagbibigay daan upang magabayan ang mag-aaral sa kanyang pag-aaral gayon din para sa mas mataas na antas ng balangkas ngunit paham na

panggagalugad. Sa karagdagan, upang matiyak na makakakuha ng malawak na interdisiplinaryong oryentasyon ang mag-aaral sa kanyang akademikong pananaw, kinakailangan ang dalawang subjek na nabibilang sa mga inirekomendang kurso na maaaring kilalanin mula sa ibang kolehiyo sa Unibersidad ng Pilipinas.

Ang gawaing pangkurso ay nahahati sa sumusunod:

1. Tatlong (3) Kursong Panlahat: siyam (9) na yunit
  2. Dalawang (2) Kurso sa mga Natatanging Paksa (Especyal na Paksa sa Musika): anim (6) na yunit
  3. Dalawang (2) Kurso sa Pinatnubayang Pananaliksik: apat (4) na yunit
  4. Dalawang (2) Kurso sa Seminar sa Musika: dalawang (2) yunit
  5. Apat (4) na Elektibo:
    - a. Dalawang (2) Elektibo sa Musika: anim (6) na yunit
    - b. Dalawang (2) Karagdagang Elektibo: anim (6) na yunit
  6. Disertasyon: katumbas sa labindawang (12) yunit
- Kabuuan: 45 yunit

#### PANUKALA NG PAG-AARAL:

| Termino at Kurso                            | Bilang ng mga Yunit |
|---------------------------------------------|---------------------|
| Unang Taon, Unang Semestre                  |                     |
| Mga Sistema ng Pananaliksik sa Musika       | 3                   |
| Teoretikal na Estructura ng Musika I        | 3                   |
| Natqatangang Paksa sa Musika (1)            | 3                   |
| Elektibo sa Musika (1)                      | 3                   |
| <b>Kabuuang Yunit sa Semestre</b>           | <b>12</b>           |
| Unang Taon, Ikalawang Semestre              |                     |
| Teoretikal na Estructura ng Musika II       | 3                   |
| Pinatnubayang Pananaliksik (1)              | 2                   |
| Natatanging Paksa sa Musika (2)             | 3                   |
| Seminar sa Musika (1)                       | 1                   |
| Karagdagang Elektibo (1)                    | 3                   |
| <b>Kabuuang Yunit sa Semestre</b>           | <b>12</b>           |
| Ikalawang Taon, Unang Semestre              |                     |
| Pinatnubayang Pananaliksik (2)              | 2                   |
| Seminar sa Musika (2)                       | 1                   |
| Elektibo sa Muika (2)                       | 3                   |
| Karagdagang Elektibo (2)                    | 3                   |
| <b>Kabuuang Yunit sa Semestre</b>           | <b>9</b>            |
| Ikalawang Taon, Ikalawang Semestre          |                     |
| <b>Disertasyon</b>                          | <b>12</b>           |
| <b>Kabuuang Bilang ng Yunit sa Programa</b> | <b>45</b>           |

## VI. MGA KURSO

### **Mus 301 MGA SISTEMA NG PANANALIKSIK SA MUSIKA**

Isang kurso kung saan ang mag-aaral ay makapagsusuri ng iba't ibang pangunahin at sekundaryong batis na may kaugnayan sa pananaliksik ng musika. Susuriin at babasahing Mabuti ang mg abatis. Ang kurso ay magpapakilala sa mag-aaral sa aspektong teknikal na kabatiran ng pang-akademikong pagsusulat na angkop sa lebel na doktorado kasama na ang makabagong Sistema ng pananaliksik sa musika.

Kailangan (o prerequisite): Wala

Pagkilala (o credit): 3 yunit

### **Mus 302 TEORETIKAL NA KABUUAN NG MUSIKA I**

Sistemikong Kabuuan at Teorya ng Pagdama at Kabuuang Estetiko.

Ang kurso ay nag-aaral sa sistemang musical ng kultura ng daigdig at dapat magpaunlad ng kritikal na pagdalumat sa mga musika ng mundo bilang Sistema. Ito ay particular na dinisenyo upang mabigyan ang mag-aaral ng kinakailangang kakayahang masuri ang musika sa kabuuan. Ang kuros ay sumasakop sa (1) musika bilang sistemikong paglikha at (2) mga teorya ng pagdama at kabuuang estetiko

Kailangan: MuT 212 o katumbas

Pagkilala: 3 yunit

### **Mus 303 TEORETIKAL NA KABUUAN NG MUSIKA II**

Mga Toerya ng Pagtatanghal, Komposisyon, at Transmisyon. Ang kurso ay malalimang sumusuri sa iba't ibang sistemang musical ng kultura ng mundo. Para masiyasat ang sistemang ito, ang kurso ay susuri sa mas mataas na antas ng pangmusikang koleksyon ng daigdig upang sa likod nito ay maunawaan ang mga teorya ng komposisyon at pagtatanghal. Sumakatuwid, ang kurso ay magsisiyasat ng mga teorya sa konteksto ng iba't ibang paraan ng transmisyon ng musika, na kung wala ang mga ito mga teorya ay hindi mabubuo.

Kailangan: Mus 302

Pagkilala: 3 yunit

### **Mus 305 PINATNUBAYANG PANANALIKSIK I**

Ang kurso ay sumusunod sa pormat ng malayang pag-aaral sa ilalim ng pangunguna ng tagapayo sa pananaliksik kung saan ang mag-aaral ay tatahak ng iba't ibang gawain kaugnay sa kanyang erya ng pananaliksik, o malikhaing paggawa. Sa mga kursong ito, ang mga mag-aaral ay maaari sa gawaing panlarang, artsibong pananaliksik, o kaya ay bumasa ng sekundaryong batis na kaugnay ng kaniyang erya ng espesyalisasyon, magulat ng musika, at iba pa.

Kailangan: Mus 301 at 303

Pagkilala: 3 yunit

### **Mus 306 PINATNUBAYANG PANANALIKSIK II**

Malayang pag-aaral sa ilalim ng pangunguna ng tagapayo sa pananaliksik kung saan ang mga mag-aaral ay tatahak ng iba't ibang gawain na kaugnay sa kaniyang erya ng pananaliksik o malikhaing gawa. Sa mga kursong ito, ang mga estudyante ay maaari sa gawaing larang, pang-arkaybal na pananaliksik, o kaya ay bumasa ng mga sekundaryong batis na kaugnay ng kanilang erya ng espesyalisasyon, magsulat ng musika, at iba pa. Pagkatapos ng kurso, kailangang magsumite ang mag-aaral ng ikalawang borador ng panukalang paksa para sa disertasyon.

Kailangan: Mus 305

Pagkilala: 3 yunit

### **Mus 307 PILOSOPIKAL NA PERSPEKTIBA SA EDUKASYONG PANGMUSIKA**

Ang kurso sa isang banda ay sumisiyasat sa teoretikal, aktuwal, at ideal na ugnayan sa pagitan ng mga aspektong pilosopikal at metodo ng/sa edukasyon, at sa kabilang panig ang mga sitwasyon, pagpapahalaga, paksa, katanungan at suliranin sa kalagayan ng edukasyon pang musika, na may pagtutuon sa natatanging kalagayan sa Filipinas

Kailangan: Wala

Pagkilala: 3 yunit

### **Mus 308 PAGDANAS SA MUSIKA: ESTETIKAT KRITISISMO**

Isang kursong elektibo sa musika na sumisiyasat sa pangmusikang kritisismo. Mga malawak na suliraning teoretikal na sumasaklaw sa larangan ng pangmusikang estetika o kung paano ang musika ay naranasan ng mga nakaririnig ang siyang magiging tema ng kurso. Kaugnay ng siglang napasimulan sa musikolohiya noong dekada otsenta, ang paksa ng pangmusikang estetika ay susuriin sa konteksto at bilang bahagi ng musika-kulturang komunikatibong Sistema, halimbawa nito ang pagsisiyasat kung paano ang musika ay penomenolohikal na narinig bilang estilo sa iba't ibang lugar at sitwasyon; kung bakit suliranin ang pag-iisip sa musika bilang wika; kung paano ang musika ay nagpapahayag ng eksternal na bagay at nagkokodigo o nanggagaya ng proseso ng aksyon katulad ng pangmusikang naratibo; at kung paanong ang pangmusikang estetika ay kasalukuyang pinakahuhulugan ng gawaing pragmatiko

Kailangan: Wala

Pagkilala: 3 yunit

### **Mus 309 SOSYOLOHIKAL NA PERSPEKTIBA SA MUSIKA**

Ang kurso ay sumusuri sa iba't ibang paraan at manipestasyon kung saan ang musika ay umuunlad kasabay ng lipunan. Mula sa ugnayang ito ay natuklasan ang tala ng ginagampanan ng musika sa lipunan at kasaysayan ng kultura nito. Ikununsidera ang napaunlad na mga diskurso ng iba't ibang qpanahon sa kronolohiya at mga istruktura ng lipunan na siya rung nakatanim sa musika.

Kailangan: Mus 301

Pagkilala 3 yunit

### **Mus 310 MUSIKA, KASARIAN AT KULTURA**

Sa kursong ito pag-aaralan kung paano ang mga sekswal na pagkakilanlan na nakaugnay sa musika ay nagkaiba at binalangkas batay sa kulturang tradisyonal at modernong lipunan particular ang midya, musikang panteknolohiya at pamilihan. Ang pagkaunawa sa mga identidad ay nasuri sa pagdaan ng panahon sa konteksto ng dinamikong paglilipat ng gampanin, pagtatanghal, partisipasyon ng tagapakinig, at ibang nakagawian sa kasarian.

Kailangan: Wala  
Pagkilala: 3 yunit

### **Mus 397 NATATANGING PAKSA SA MUSIKA**

Ang kurso ay dinisenyo upang masiyasat ang tiyak na paksa ng pangmusikang iskolarsyip kagaya ng: Makabagong Musika sa Asya, Mga Teorya at Metodo ng Musikolohiya, Mga Makabagong Paksa sa Paglikha ng Musika, Panghihiram ng Makabagong Musika sa Asya, Kasaysayan ng Musika at Arkeolohiyang Pangmusika ng Timog Silangang Asya at Proyektong Pangmusika para sa Komunidad.

Kailangan: Wala  
Pagkilala: 3 yunit (kukunin ng dalawang beses)

### **Mus 398 SEMINAR SA MUSIKA I**

Ang kurso ay isang presentasyon sa pananaliksik at diskusyon kung saan ang mag-aaral ay kikilalanin ang umiiral, may kaugnayan at mga partikular na suliranin, isyu, sitwasyon at pag-unlad ng/sa disiplina, at isasagawa ang pananaliksik sa mga suliranin, isyu, sitwasyon at pag-unlad nito. Ang mga mag-aaral ay maghaharap ng resulta ng pananaliksik sa klase at tatalakayin at susuriin ang mga ito sa paraang analitikal at ibigay ang buod sa panahon ng diskusyon sa pamamahala ng akademikong superbisyon ng guro.

Kailangan: wala  
Pagkilala: 1 yunit

### **Mus 399 SEMINAR SA MUSIKA II**

Ang kurso ay isang presentasyon sa pananaliksik at diskusyon kung saan ang mag-aaral ay kikilalanin ang umiiral, may kaugnayan at mga partikular na suliranin, isyu, sitwasyon at pag-unlad ng/sa disiplina, at isasagawa ang pananaliksik sa mga suliranin, isyu, sitwasyon at pag-unlad nito. Ang mga mag-aaral ay maghahanap ng resulta ng pananaliksik sa klase at tatalakayin at susuriin ang mga ito sa paraang analitikal at ibigay ang buod sa panahon ng diskusyon sa pamamahala ng akademikong superbisyon ng guro.

Kailangan: Wala  
Pagkilala: 1 yunit





## **Mus 400 DISERTASYON**

Ang independiyenteng gawaing pananaliksik kung saan ito ay ang pinal na pinagpursigihang gawa ay magpapakita ng kakayahan ng mag-aaral na mag-isip ng kritikal tungkol sa musika gaya ng kakayahang magtipon ng maraming datos sa pananaliksik (mula sa gawaing panlarang o mula sa artsibo), bigyang buod o makontrol ang mga ito na mula sa umiiral na literaturang pang-musikolohiya, at ipaliwanag ang mga ito bilang ebidensya upang sumuporta sa orihinal na argumento/interpretasyon ng tesis na makaaambag sa mas malawak na pagkakaunawa ng musika sa panlipunang pamumuhay ng tao.

Kailangan: Lahat ng kurso sa itaas, kakayahan sa pagbabasa ng tatlong wika para sa layuning pananaliksik/musikal na pagtatanghal at pagpasa sa komprehensibong pagsusulit.

Pagkilala: 12 yunit

## VII. BALANGKAS NG KURIKULUM

| Mga Kahingian                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                  | Mga Kurso                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                         |
|------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|---------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|
| <p>Mga Kursong Panlahat:<br/>9 na yunit</p> <p>Ang mga kursong ito ay naghahanda sa mag-aaral ng kinakailangang batayang kaalaman at kakayahan na mga batayan para sa panggagalugad, pagtuklas, pagdaragdag, pagsusuri at sintesis at diskuro ng/sa disiplina ng musika sa kaliwanagan ng kontekstong tradisyonal at di-tradisyonal, gayon din upang ihanda ang mag-aaral na magamit ang pangkasalukuyang mga sistema sa pananaliksik pangmusika at makahanap ng mga ibang alternatibo.</p>                                                                                                                                                    | <p>Mus 301: Mga Sistema sa Pananaliksik ng Musika</p> <p>Mus 302: Teoretikal na Kabuuan ng Musika I</p> <p>Mus 303: Teoretikal na Kabuuan ng Musika II</p>                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                        |
| <p>Mga Kurso sa Natatanging Paksa**<br/>6 na yunit</p> <p>Ang mga kursong ito ay nagsusuri ng mga partikular na paksa sa pag-aaral ng musika. Idinisenyo ang mga ito upang ihanda ang mga mag-aaral sa malawak na kaalaman upang maunawaan ang iba't ibang prosesong musikal sa konteksto ng lipunan, kultural, at pangkasaysayan. Ang mga kursong ito ay nakatutulong sa pag-usad sa pangmusikang iskolarsyip sa pamamagitan ng pagbibigay sa mga mag-aaral ng napapanahon at pangkasalukuyang kabatiran, pagpapahalaga at pagkaunawa ng pagbabago sa mga pananaw, sitwasyon sa lokal, rehiyonal, nasyonal at internasyonal na mga antas.</p> | <p>Mus 304: Natatanging Paksa sa mga kabilang na paksa</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Mga Kontemporaryong Paksa sa Paglikha ng Musika</li> <li>• Mga Teorya at Metodo sa Musikolohiya</li> <li>• Proyektong Pangmusika na nakabatay sa Komunidad</li> <li>• Panghihiram ng Kontemporaryong Musika sa Asya</li> <li>• Kasaysayan at Arkeolohiyang Pangmusika ng Timog Silangang Asya</li> </ul> <p>**Dapat Kuhanin ng dalawang beses (i.e., ang kurso ay dapat ma-enrol ng dalawang beses, ang bawat kurso ay may kaibang paksa)</p> |

| Mga Kahingian                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                | Mga Kurso                                                                                                                                                                                                                                                      |
|--------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|
| <p>Pinatnubayang Pananaliksik:<br/>4 na yunit</p> <p>Ang mga kursong ito ay dinisenyo upang magbigay ng pagkakataon para sa tuwirang aplikasyon ng kaalaman at kasanayan na natamo sa unang dalawang grupo ng mga kurso (e.g. Panlahat at Natatanging Paksa sa Musika) para maituon, maunawaan, mapagyaman, mapatnubayan, matanglawan at maliwanagan ang direksyon at nilalaman ng particular na interes at tuon sa pananaliksik ng mag-aaral at nang mapadali ang aktuwal na pagsusulat ng disertasyon.</p> | <p>Mus 305: Pinatnubayang Pananaliksik I</p> <p>Mus 306: Pinatnubayang Pananaliksik II</p>                                                                                                                                                                     |
| <p>Mga Elektibo sa Musika:<br/>6 na yunit</p> <p>Ang mga kursong ito ay idinisenyo upang madagdagan ang lalim at sakop ng kaalaman ng mag-aaral sa mga magkakaugnay na disiplina sapagkat ang mga disiplinang ito ay direktang magagamit para sa disiplina ng Musika. Ang kaalamang ito ay magbibigay sa mga mag-aaral na may kasanayan upang maabot ang mas komprehensibo at pangkabuuang pagkaunawa at pagkaintindi sa pananaliksik na magagamit niya na kaugnay sa interes sa pananaliksik.</p>           | <p>Alin mang dalawa (2) sa mga sumusunod:</p> <p>Mus 307: Mga Pilosopikal na Perspektiba sa Edukasyong Pangmusika</p> <p>Mus 308: Pagdanas sa Musika</p> <p>Mus 309: Mga Sosyolohikal na Perspektiba sa Musika</p> <p>Mus 310: Musika, Kasarian at Kultura</p> |
| <p>Seminar sa Musika:<br/>2 yunit</p> <p>Ang mga konsepto ay nagbibigay daan sa pagkukusa at pagkamalikhain ng mag-aaral sa kanilang paglalahad ng saliksik para sa usaping napapanahon, pangkasalukuyan, mahala at particular na mga pangyayari, kalagayan at/o pag-unlad sa/ng/at mga kaugnay na disiplina.</p>                                                                                                                                                                                            | <p>Mus 398: Seminar sa Musika I</p> <p>Mus 399: Seminar sa Musika II</p>                                                                                                                                                                                       |

| Mga Kahingian                                                                                                                                                                                                                                                                                                                        | Mga Kurso                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                |
|--------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|
| <p>Mga Karagdagang Elektibo:*</p> <p>6 na yunit</p> <p>Ang mga kursong ito ay idinisenyo upang madagdagan ang lalim at lawak ng saklaw ng kaalaman ng mag-aaral sa iba pang disiplina at kahusayan tungo sa mas komprehensibo at pangkabuuang pagpapahalaga, pagkaunawa at husay na nakatuon sa kanyang interes sa pananaliksik.</p> | <p>Asian Center</p> <p>PS 301: Perspektiba ng Filipinolohiya</p> <p>PS 302: Teorya ng Filipinolohiya</p> <p>Komparatibong Panitikan</p> <p>CL 349: Seminar sa Pampanitakang Asyano</p> <p>CL 370: Seminar sa Katutubong Panitikang Ingles</p> <p>Eng 305: Wika at Pangkaalaman</p> <p>Eng 311: Wika at Kasarian</p> <p>Eng 315: Semiotika</p> <p>Eng : Teorya ng Wika</p> <p>Eng 317: Pragmatika</p> <p>Eng 325: Hermeneutika</p> <p>Filipino</p> <p>Fil 325: Wika at Pulitika</p> <p>Pilosopiya</p> <p>Philo 393: Seminar sa Pananaliksik ng Pilosopiyang Filipino</p> <p>Philo 396: Seminar sa Pananaliksik ng Pilosopiyang Asyano</p> |
| <p>Pagsusulit sa kakayahan sa Pagbabasa ng Wika* at komprehensibong Pagsusulit</p> <p>*Pagpapakita ng kakayahang umunawa ng dalawa (2) hanggang tatlong (3) pahinang sipi ng humigit-kumulang sa dalawang libong (2,000) salita mula sa isang artikulo o orihinal na manuskrito gamit ang isang diksyonaryo.</p>                     |                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                          |
| Disertasyon: 12 Yunit                                                                                                                                                                                                                                                                                                                | Mus 400: Disertasyon                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                     |
| Kabuuan: 45 yunit                                                                                                                                                                                                                                                                                                                    |                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                          |

Tagapamahala ng programa:\*

Kaguruan:\*

\*(Tignan sa PROGRAM ADMINISTRATION, UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES COLLEGE OF MUSIC, DOCTOR OF PHILOSOPHY IN MUSIC 25)







